ENERO 2026

RJ-39594TL

Antioch

Mga Solusyon sa Pagre-recycle at Pamamahala ng Basura sa Tirahan

REPUBLIC SERVICES

Sustainability in Action

Paglilinis ng Sapa kasama ang Antioch Charter Academy II

Ang Antioch Charter Academy II, na may suporta mula sa Lungsod ng Antioch at Republic Services, ay nakipagtulungan sa mga mag-aaral upang linisin ang sapa ng Contra Costa County Fairgrounds para sa kanilang taunang Coastal Cleanup noong ika-2 ng Oktubre. Tumulong ang mga mag-aaral mula sa lahat ng baitang na linisin ang lugar at panatilihing malinis ang mga daluyan ng tubig sa Antioch—ipinapakita ng larawan sa kanan ang napakaraming basura at kalat na nagawang linisin ng mga mag-aaral!

Ang pag-iwas sa pagkakalat at paglilinis ng basura ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa komunidad at sa ating kapaligiran, at lahat ay maaaring makilahok. Nagaganap ang California Coastal Cleanup Day bawat taon tuwing Setyembre; alamin ang higit pa tungkol sa kaganapan sa Coastal.CA.gov/publiced/ccd/ccd.html, at isaalang-alang ang pakikilahok sa 2026.

Jessica Greensides (Tagapayo para sa Sustainability ng Antioch, Republic Services)

Libreng Pag-recycle ng Christmas Tree

- **Boy Scouts:** Mangongolekta ang Boy Scouts ng mga holiday tree sa katapusan ng linggo ng Sabado–Linggo, Ene. 3–4, 2026, at sa Sabado, Ene. 10, 2026 (Sabado lang), sa pamamagitan LAMANG ng paunang abiso. Pakischedule ang iyong pick-up gamit ang kanilang bagong app: Pickup.AntiochTroop153.org. May mga tanong ka ba? Mag-email sa troop153treepickup@gmail.com. Ikagagalak namin ang mga donasyon na $30 para sa mga puno na walang flocking o $40 para sa mga puno na may flocking, na maaaring bayaran sa BSA.
- **Mga Lokasyon para sa Drop-off:** I-drop off ang mga puno na walang flocking mula 9 a.m. – 5 p.m. tuwing Sabado–Linggo, Ene. 4–5 at Ene 10–11, 2026, sa mga itinalagang lugar sa paradahan ng Prewett Family Water Park at sa paradahan ng Antioch Marina Overflow sa mga kalyeng Second at L. Pakialis ang mga tree stand bago i-drop off.
- **Berdeng Lalagyan:** Ilagay ang mga puno na walang flocking sa berdeng organics na kariton. Ang mga sanga ay dapat na 6 na pulgada o mas mababa ang diyametro at 3 talampakan o mas maikli ang haba. Putulin ang tuktok ng puno. Alisin ang tree stand. Dapat nakasara ang takip.
- **May mga tanong ka ba?** Tumawag sa customer service sa 925.685.4711.

Paano Itatapon ang mga Punong May Flocking

Hindi maaaring i-compost ang mga puno na may flocking. Dahil sa materyal ng flocking, hindi nagiging angkop ang holiday tree para sa pag-compost. Dapat itong ituring bilang basura. Maaari silang kolektahin sa gilid ng bangketa sa isang bayad na $40 bawat puno. Dapat i-schedule nang maaga ang mga pickup; ang mga puno na may flocking ay maaari ding isama sa isa sa iyong mga libreng taunang paglilinis o libreng bulky item pickup. Tumawag sa customer service sa 925.685.4711 para magpaiskedyul ng pickup. Kung pinutol para magkasya sa loob habang nakasara ang takip, ang mga puno na may flocking ay maaaring ilagay sa lalagyan ng basura.



Tambakan ng Basura

- Bawal ang Pagkain
- Bawal ang Papel
- Bawal ang Basurang Organiko
- Bawal ang Nare-recycle na Bagay
- Bawal ang Hazardous na Basura

Recycle

Walang Laman, Malinis, at Tuyo

- Bawal ang Mga Likido
- Bawal ang Tela
- Bawal ang Karpet
- Bawal ang Pagkain
- Bawal ang Basurang Organiko
- Bawal ang Hazardous na Basura
- Bawal ang Styrofoam®

Dapat nakahiwalay ang mga recyclable (huwag isilid sa bag). Ang pangalawang kariton para sa mga narerecycle ay available sa karagdagang bayad. Tumawag sa Customer Service sa 925.685.4711 para mag-request ng isa.

Compost

MGA BAG: Compostable BPI (nakakatugon sa ASTM 6400 Standard); Mga Paper Bag; Huwang Gumamit ng mga Bag

- Bawal ang Metal
- Bawal ang Babasagin
- Bawal ang Plastic
- Bawal ang Hazardous na Basura
- Bawal ang Mga Compostable na Kubyertos O Tasa
- Bawal ang Dumi ng Alagang Hayop

Hindi dapat nakabalot (bawal ang bag) o nasa compostable o mga paper bag lamang. Bawal ang plastic bag. Ang pangalawang berdeng kariton ay available sa karagdagang bayad. Tumawag sa Customer Service sa 925.685.4711 para mag-request ng isa.

Mga Paalala sa Pag-recycle at Pag-compost

- **HUWAG ILAGAY SA BAG ang mga nare-recycle.** Kapag ilalagay mo ang inyong mga nare-recycle sa mga bag, mangyaring alisin ang lahat ng laman sa iyong RECYCLE na kariton at ilagay ang bag sa kariton ng BASURA.
- **WALANG MGA PLASTIC BAG SA IYONG ORGANICS CART.** Tanging ang mga BPI-Certified compostable bag (na nakakatugon sa Pamantayang ASTM 6400) ang dapat ilagay sa iyong berdeng ORGANICS cart.
- **Ang malinis na papel at karton ay dapat ilagay sa iyong RECYCLE cart.** Ang papel at karton na may dumi mula sa pagkain, walang linyang patong (hindi makintab), tulad ng mga paper towel, napkin, at kahon ng pizza ay dapat ilagay sa iyong berdeng ORGANICS cart.

Panatilihing hiwa-hiwalay ang iyong mga recyclable—huwag isilid sa mga bag!

Ang malinis na papel at karton ay para sa RECYCLE na kariton, at ang papel at karton na may dumi ng pagkain ay para sa ORGANICS cart.

Hindi sigurado kung paano itapon nang tama ang isang item? Bisitahin ang Resource.Stopwaste.org upang makakuha ng mga sagot at mga opsyon sa muling paggamit, pagkukumpuni, pag-recycle, at ligtas na pagtatapon sa malapit.

re:source

Tumawag sa customer service para magpa-iskedyul ng pagkolekta. **925.685.4711**

en Español | In English

Mayroong mga pagsasalin

Nakalimbag sa recycled na papel

REPUBLIC SERVICES